

# BIBLE STUDY

## Nehemias 8:1-18

February 25- March 02

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON



# MAHALAGANG

## *Prinsipyo sa Buhay*



**Nehemias 8:1-18**



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# Nehemias 8:1–18

Magandang Balita Biblia

## Binasa ni Ezra ang Kautusan

8 Sumapit ang ikapitong buwan ng taon at ang mga Israelita'y
nakabalik na sa kani-kanilang bayan. Nagtipun-tipon silang
lahat sa Jerusalem, sa liwasang-bayan sa harapan ng Pintuan
ng Tubig. Hiniling nila kay Ezra na pari at dalubhasa sa Kautusan
na kunin nito ang aklat ng Kautusan ni Moises na ibinigay ni
Yahweh para sa Israel. 2 Kaya't nang unang araw ng ikapitong
buwan, kinuha ni Ezra ang aklat. Dinala niya ito sa kapulungang
binubuo ng mga lalaki, babae at mga batang may sapat nang
gulang at pang-unawa.

# Nehemias 8:1-18

Magandang Balita Biblia

3 Mula sa pagsikat ng araw hanggang sa katanghaliang-
tapat, binasa niya ang Kautusan sa harap ng mga taong
natitipon sa liwasang-bayan sa harap ng Pintuan ng Tubig.
Ang lahat ay nakikinig nang mabuti.
4 Nakatayo si Ezra, ang tagapagturo ng Kautusan, sa isang
entabladong kahoy na sadyang ginawa para sa
pagkakataong iyon. Sa kanan niya'y nakatayo sina Matitias,
Sema, Anaya, Urias, Hilkias at Maaseias. Sa gawing kaliwa
nama'y naroon sina Pedaias, Misael, Malquias, Hasum,
Hasbadana, Zacarias at Mesulam.

# Nehemias 8:1–18

Magandang Balita Biblia

5 Si Ezra ay nakikita ng lahat sapagkat mataas ang kanyang
kinatatayuan. Ang lahat ay tumayo nang buksan niya ang
aklat. 6 “Purihin si Yahweh, ang dakilang Diyos!” sabi ni Ezra.
Itinaas naman ng mga tao ang kanilang mga kamay at
sumagot, “Amen, Amen.” Nagsiyuko rin sila at sumamba kay
Yahweh.
7 Pagkatapos, tumayo ang mga tao, at ang Kautusa'y
ipinaliwanag sa kanila ng mga Levitang sina Jeshua, Bani,
Serebias, Jamin, Akub, Sabetai, Hodias, Maaseias, Kelita,
Azarias, Jozabad, Hanan at Pelaias.

# Nehemias 8:1–18

Magandang Balita Biblia

9 Nang malaman ng mga tao ang dapat nilang gawin ayon sa Kautusan, nabagbag ang kanilang kalooban at sila'y umiyak. “Ang araw na ito ay banal para kay Yahweh na inyong Diyos, kaya't huwag kayong malungkot o umiyak,” wika ni Nehemias na gobernador, ni Ezra na pari at dalubhasa sa Kautusan, at ng mga Levita na nagpapaliwanag ng Kautusan. Sinabi nila sa mga tao,

# Nehemias 8:1–18

Magandang Balita Biblia

10 “Umuwi na kayo at magdiwang, kumain kayo at
uminom ng bagong alak! Bigyan ninyo ang mga walang
pagkain at inumin sapagkat ang araw na ito ay banal
para kay Yahweh, kaya huwag kayong malungkot. Ang
kagalakang dulot ni Yahweh ang magpapalakas sa inyo.”
11 Ang mga taong-bayan ay pinayapa ng mga Levita.
Sinabi nila sa mga ito, “Huwag kayong malungkot,
sapagkat banal ang araw na ito.”

# Nehemias 8:1–18

Magandang Balita Biblia

12 Umuwing masaya ang lahat upang magdiwang.
Kumain sila at uminom at binahaginan naman ang mga
walang pagkain at inumin sapagkat naunawaan nila ang
ipinaliwanag sa kanila.

## Ipinagdiwang ang Pista ng mga Tolda

13 Nang sumunod na araw, nagtipon sa harapan ni Ezra
ang mga pinuno ng mga angkan kasama ang mga pari at
mga Levita upang pag-aralan ang mga turo ng Kautusan.

# Nehemias 8:1–18

Magandang Balita Biblia

14 Natuklasan nila sa Kautusan na nagbigay si Yahweh
ng utos kay Moises tungkol sa Pista ng mga Tolda. Sinabi
sa utos na dapat silang tumira ng pansamantala sa mga
kubol sa kapistahang iyon. 15 Kaya't nagpalabas sila ng
utos para sa mga taga-Jerusalem at iba pang mga lunsod
at bayan: “Lumabas kayo sa mga burol at pumutol ng
mga sanga ng punong olibo, ligaw man o hindi, mirto,
palma at iba pang punongkahoy na maraming dahon
upang gawing mga kubol.”

# Nehemias 8:1–18

Magandang Balita Biblia

16 Sinunod nga nila ang utos. Gumawa sila ng kubol sa
kani-kanilang bubungan at bakuran, at sa palibot ng
Templo. Gumawa rin sila ng mga kubol sa liwasan sa
pagpasok sa Pintuan ng Tubig at sa Pintuan ni Efraim. 17
Ang lahat ng bumalik mula sa pagkabihag ay gumawa ng
kanya-kanyang kubol at doon sila tumira. Iyon ang unang
pagkakataon na ginawa ito ng mga Israelita mula noong
panahon ni Josue na anak ni Nun. Masayang-masaya
ang lahat.

# Nehemias 8:1–18

Magandang Balita Biblia

18 Ang Aklat ng Kautusan ay binabasa araw-araw, mula
sa unang araw hanggang katapusan. Pitong araw silang
nagpista at sa ikawalong araw ay nagkaroon sila ng isang
banal na pagtitipon bilang pagtatapos ayon sa itinatakda
ng Kautusan.

# MAHALAGANG

## Prinsipyo sa Buhay

Nehemias 8:1-18

"Bilang isang disipulo ni Jesus, itatayo o gagawin kong muli at palalakasin ang aking buhay espirituwal sa pamamagitan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos at hihikayatin ko rin ang ibang mananampalataya na gawin din ito."



# PAGTUKLAS 1

Nehemias 8:1-18

Ngayon na tapos na ang pagtatayo ng pader o bakod, ano na ang pinagtuunan nila ng pansin?




2


Ano ang ipinahayag ng kapulungang ito at nang pakikinig nila sa Aklat ng Kautusan ng Diyos ni Moses (Vv. 1b, 3b, 5 & 6).





# 3

Anong emosyon o reaksyon ang nakita mula sa mga tao sa pagbabasa ng Kautusan ng Diyos? (v. 9 - 12). Anong kautusan ang sinabi sa kanila?


Bakit sa palagay n'yo mahalaga para sa mga tao ng Diyos hindi lang ang muling  pagsasagawa ng pader ng Jerusalem kundi ang pagbasa at pag-unawa sa aklat ng Kautusan ng Diyos?




Bakit binibigyan ng ibayong kahalagahan ang pag-unawa sa Salita ng Diyos sa talatang ito? Paano nila ito naisakatuparan (Vv. 7 & 8)?




Bakit umiyak ang mga tao nang marinig nila ang pagbasa ng Salita ng Kautusan? Bakit sila sinabihang mag-saya pagkatapos? (cf. Deut. 12:12, 14:23, 26-29)?







Sa paanong paraan ka makakagawa ng isang matibay na relasyon sa Diyos? Kumusta ang pagbasa at pag-aaral mo ng Salita ng Diyos? ang iyong araw-araw na debosyon at panalangin?



# PAGTUGON 2

Nehemias 8:1-18

Paano mo mahihikayat o palalakasin ang loob ng iba sa kanilang pananampalataya? Anong mga hakbang ang maaari mong gawin upang matulungan mo ang isang tao sa kanyang espiritwal na buhay at paglago niya sa biyaya at kaalaman niya sa Panginoon?




Anong mga praktikal na 'pagtatayo ng pader ng Diyos' ang magagawa mo sa ating mga iglesia na kasama ng mga mga kapatiran  bilang isang patotoo sa  iba o sa paligid na tayo ay mga anak ng Diyos na nagniningning para sa Kanyang layunin at karangalan?

# MAHALAGANG

## *Prinsipyo sa Buhay*

Nehemias 8:1-18

"Bilang isang disipulo ni Jesus, itatayo o gagawin kong muli at palalakasin ang aking buhay espirituwal sa pamamagitan ng pagbabasa ng Salita ng Diyos at hihikayatin ko rin ang ibang mananampalataya na gawin din ito."



# MAHALAGANG

## *Prinsipyo sa Buhay*



**Nehemias 8:1-18**



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

## Small Group Sessions

# CLOSING PRAYER



# BIBLE STUDY

**Nehemias 8:1-18**

See You Next Week

PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584